# Nagareboshi Child Support Center

Sa Japanese, ang ibig sabihin ng "nagareboshi" ay shooting star… Sabi nga, "Kung makakita ka ng shooting star, matutupad ang hiling mo…" Kaya pinapanood naming ang kalangitan. at kapag nakakita kami ng shooting star, lahat ay tilang masaya. Dahil siguro may pag-asa doon… Umaasa kami na itong support center ay magiging lugar ng pag-asa para sa lahat.

| | |
|---|---|
| ★Para kanino | Preschooler at kanilang pamilya |
| ★ Mga aktibidad | Produksyon, konsultasyon, pagsasama-sama, konsultasyon sa nutrisyunista tungkol sa diet, pisikal na test<br>GP program (programa para sa mga nanay na may panganay), atbp. |
| ★Oras | Lunes-Biyernes 9:00-12:00 (session sa umaga) 4 na grupo<br>11:30 - 14:00 (sesyon sa hapon) 4 na grupo<br>Online ang pag-book, kaya tignan ang website para sa availability. |
| ★Schedule | 9:00 - free play, 11:30 - lunch, free play - 14:00 |
| ★Bayarin | Lunch: ¥800 para sa isang magulang at anak<br>*May karagdagang ¥300 bawat kapatid<br>*Mayroong baby food at pagkain na walang allergen<br><br>Simula ng online booking:<br>6 AM ng ika-10 isang buwan bago ng bisita para sa residente ng bayan<br>6 AM ng ika-20 isang buwan bago ng bisita para sa hindi residente ng bayan<br>*Pakilagay ang uri ng pagkain, mga allergy sa pagkain, atbp. kapag nag-enroll |
| ★Mga dapat dalhin | Inumin, diaper, apron, pamalit na damit, atbp. |
| ★Suporta sa mga magulang | Ang pagpapayo para sa mga magulang ng pinuno ng Genki Yume Childcare Center ay tuwing Miyerkules. Maaaring tumawag at gumawa ng appointment. |
| ★ Paano sumali I | Magreserba gamit ang Reservation Form sa website ng Child Support Center.<br>TEL: 080-5012-8597 (direktang linya sa Center) |

# Nikoniko Club Temporary Childcare Service

☆Ano ang temporary childcare service?
Ang aming propesyonal na staff ay nagaalaga sa mga bata ayon sa pangangailangan ng mga magulang/tagapag-alaga. Nagbibigay kami ng ligtas na childcare na nakabase sa planadong programa, tulad ng pakikipag-laro sa mga bata mula sa aming katabing childcare center at paglalahok sa mga event.

| | |
|---|---|
| ★ Para kanino | 6 na buwang gulang hanggang sa preschooler (tinatanggap din ang hindi taga-bayan) |
| ★ Oras | Lunes-Biyernes 8:45-16:15 (kalahating araw para sa unang punta) |
| ★ Mga aktibidad | Nagbibigay kami ng ligtas na childcare na nakabase sa planadong programa, tulad ng pakikipag-laro sa mga bata mula sa aming katabing childcare center at paglalahok sa mga event |
| ★ Bayarin | ★ Ang pag rehistro ay kinakailangan.<br>¥1,800 para sa isang buong araw (mas maiksi sa 8 oras), ¥900 para sa kalahating araw (mas maiksi sa 4 na oras)<br>*Ang kalahating araw ay napapailalim sa mga regulasyon ng bayan.<br>Karagdagang bayad: lunch ¥400, meryenda ¥100, pagtapon ng diaper ¥20<br>Mayroong bayad sa pagkansela pagkatapos ng 17:00 isang araw bago ang pagbisita |
| ★ Mga dapat dalhin | ★ Diaper at pamalit na damit<br>Ang mga sumusunod ay makukuha sa aming temporary care, ngunit mangyaring dalhin ang mga paborito ng inyong anak kung inyong nais<br>・Mga tuwalya (kumot para sa pag-idlip, 2 bath towel, hand towel, wet towel)<br>・Bibs/aprons para sa pagkain, baso<br>・Baby formula (available ang Hagukumi at Sukoyaka na brand)<br>・Wipes (kung gumagamit ng diaper) |
| ★ Kailan magagamit ang serbisyo | ・Pre/post-natal ・Kapag nag-aalaga sa ibang miyembro ng pamilya (kasama ang pagbisita sa ospital) ・Pag dalo sa kasal, libing, seremonyal na okasyon ・Trabaho ・Training sa trabaho ・Pag-aaral ・Iba pa (kumonsulta sa service) |
| ★ Paano sumali | Maaaring mag book mula 14:00 ng ika-10 hanggang ika-15 isang buwan bago ang pagbisita. Magreserba gamit ang Temporary Care Reservation Form sa aming website. Mangyaring bisitahin ang website para sa iba pang mga detalye. |

# Smile - Daytime Temporary Support Room for Children with Severe Disabilities

☆Ano ang Smile?

Nagbibigay kami ng temporary daytime support services (daytime care) para sa mga batang may kapansanan na lubos na umaasa sa pangangalagang medikal (hindi mabubuhay nang walang pangangalagang medikal) upang mapadali ang kanilang buhay sa komunidad. Pag mas malala ang kapansanan at mas maraming mga tubo, mas limitado ang mga pasilidad at serbisyo para sa pagaalaga ng mga batang ito. Dahil dito, ang kanilang pamilya ay nagkakaron ng napakalaking pasanin. Higit pa sa ating imahinasyon ang paghihirap ng mga pamilyang ito. Ang mga batang ito ay hindi malayang nagagalaw ang kanilang mga paa, nangangailangan ng aspirasyon ng plema, at kailangang bantayan 24 na oras. Ang aming layunin ay mabawasan ang pasanin sa mga pamilyang ito hangga't maaari, at lumikha ng isang lipunan kung saan ang mga batang may kapansanan ay hindi mararamdaman na mahirap ang kanilang buhay.

| | |
|---|---|
| ★Para kanino | 0-18 taong gulang na batang may malubhang kapansanang mental o pisikal |
| ★ Oras | Lunes, Martes, Miyerkules, Biyernes / 10:00-16:00 *Kapag ang clinic ay pansamantalang bukas sa Huwebes, kami ay magbubukas din. |
| ★Bayarin | ¥1,800 para sa isang buong araw (mas maiksi sa 8 oras), ¥900 para sa kalahating araw (mas maiksi sa 4 na oras)<br>*Ang kalahating araw ay napapailalim sa mga regulasyon ng bayan.<br>Karagdagang bayad: lunch ¥400, meryenda ¥100, pagtapon ng diaper ¥20<br>Mayroong bayad sa pagkansela pagkatapos ng 17:00 isang araw bago ang pagbisita |
| ★Mga dapat dalhin | Damit: pamalit na shirt, pantalon, diaper, atbp.<br>Pagkain: fluid diet, infusion set, gamot, atbp.<br>Kagamitan: Suction device, respirator, baterya, atbp.<br>Iba pa: cushions, baby stroller, wheelchair, atbp. |
| ★Tungkol sa pagkain | Ang katabing Genki Yume Childcare Center ay may kusina na naghahanda ng lutong bahay na lunch at meryenda para sa mga bata araw-araw. Ninanais naming makatulong sa mga pamilya, at gagawin namin ang lahat upang matiyak na ang aming mga pagkain ay ligtas para sa mga bata na gumagamit ng aming mga serbisyo. Magbibigay kami ng lunch at meryenda na may texture (minasa, tinadtad, atbp.) ayon sa pangangailangan ng bata. Umaasa kami na masusuportahan din namin ang inyong anak sa aspeto ng diet. Kung kailangan niyo ng karagdagan na suporta, tatalakayin namin ito sa aming nutrisyunista para makagawa ng desisyon. |

# Ichibanboshi Postnatal Care Center

Ang Ichibanbanshi ay isang *postnatal care center* na itinayo ng Social Welfare Corporation Kenkinkai kasama ang Genki Kids Clinic. Tulad ng unang bituin sa gabi, umaasa kaming maging lugar na nagbibigay liwanag sa mga pamilyang nag-aalaga ng bata. Nais naming bumuo ng relasyon upang sama-samang magsasaya ang lahat sa pagpapalaki ng mga bata.

| | |
|---|---|
| ★ Who is it for? | Mga postnatal ng hanggang isang taon |
| ★Mga aktibidad | Pagpapahinga, pangangalaga sa pagpapasuso, pangangalaga sa mga menor na problema pagkatapos ng panganganak, pagpapayo sa pagiging magulang, pagpapayo sa diet ng dietitian, pisikal na test, pakikipagpulong kasama ang miyembro ng Child Support Center |
| ★ Oras | Lunes, Martes, Miyerkules, Biyernes / 10:00-16:00, 2 grupo isang araw. Maaaring magbook gamit ang e-mail. Tignan ang website para sa availability. |
| ★ Bayarin | ★ Ang pag rehistro ay kinakailangan.<br>Bayad: ¥14,000<br>(*Mayroong subsidy para sa taga-Minami-Alps, Kofu, at Chuo.)<br>Lunch: ¥500 para sa matatanda, ¥300 para sa bata<br>Mayroong pagkain pang sanggol at mga pagkain na walang allergen. Pakisaad ang uri ng pagkain, mga allergy sa pagkain, atbp. sa pag-apply.<br>*Maaaring alagaan ang mga kapatid sa Temporary Childcare Service (Kinakailangan magparehistro bawat taon). Maaaring magreserba gamit ang Temporary Care Reservation Form sa website. Mangyaring bisitahin ang website para sa iba pang detalye. |
| ★ Mga dapat dalhin | Maternity Handbook, mga bagay na kailangan para sa pangangalaga, inumin, diaper set, pamalit na damit, atbp. |
| ★ Suporta sa magulang | Ang pagpapayo sa mga magulang ng pinuno ng Genki Yume Childcare Center ay tuwing Miyerkules. Maaaring tumawag at gumawa ng appointment. |
| ★ Paano sumali | Maaaring mag book mula 14:00 ng ika-10 hanggang ika-15, isang buwan bago ang pagbisita. Magreserba gamit ang Postnatal Care Reservation Form sa aming website. Mangyaring bisitahin ang website para sa iba pang mga detalye.<br>〒409-3863<br>748-2 Katonakajima, Showa-cho, Nakakoma-gun, Yamanashi |

☆Bisitahin ang aming website para sa pinakabagong impormasyon.
*Ang personal na impormasyon mula sa application form ay hindi gagamitin para sa anumang iba pang layunin.